

SUPPLEMENTAL LESSONS

**Filipino Baitang 8
Ikalawang Markahan**



Various online tools which make teaching and learning richer
and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to **www.rexinteractive.com**



Ikalawang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 1

Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

Aralin 1 – Pag-unawa sa Kailanan ng Pang-uri

Kagamitan: Mga larawan

A. Panimula

Magpakita ng mga larawan sa klase at itanong kung ano ang nakikita ng mga mag-aaral.

Mga gabay na tanong:

1. Ano ang inyong nakikita?
2. Ilan ang inyong nakikita?
3. Maaari niyo bang ilarawan ang inyong mga nakikita sa larawan?

B. Katawan

1. Kasanayang Panggramatika

Talakayin ang kailanan ng pang-uri:

Kailanan ng Pang-uri:

1. Isahan ang pang-uri kapag iisa lamang ang inilalarawan.
2. Dalawahan ang pang-uri kapag dalawa ang inilalarawan.
3. Maramihan ang pang-uri kapag marami ang inilalarawan.

2. Pagpapalawig

Magbigay ng mga pangungusap. Hilingin sa mga mag-aaral na banggitin kung alin ang pang-uri at kung ano ang kailanan ng pang-uring ito. Itanong din kung bakit niya nasabi na gayon ang kailanan ng pang-uring ito.

Mga halimbawang pangungusap:

1. Maingay ang kanyang sasakyan. (isahan)
2. Kumakalam na ang aking sikmura. (isahan)
3. Mabibilis silang magpatakbo ng sasakyan kaya naaaksidente. (maramihan)

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang makilala ang mga pang-uri ayon sa kailanan nito.

Pamantayang Pagganap:

Nakakapagsusulat at nakapagsasalita ang mga mag-aaral gamit ng wasto ang mga kailanan ng pang-uri.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nagagamit nang wasto ang mga kailanan ng pang-uri sa pagpapahayag na pasalita at pasulat.
2. Nakabubuo ng mga opinyon gamit ang mga kailanan ng pang-uri.

4. Makinang ang sahig na malinis. (isahan)
5. Mataas ang grado ng batang masipag mag-aral. (isahan)
6. Mapuputi ang mga Tsino. (maramihan)
7. Dalawang pangkat ang nauna sa pila. (dalawahan)
8. Napakaraming mga pabrika ang nakapipinsala sa tubig. (maramihan)
9. Napakahaba ng pila ng mga sasakyan. (maramihan)
10. Dahil sa dami ng basura, bumabaha sa mga kalsada tuwing umuulan. (maramihan)
11. Kulay pula ang dalawang gumamela sa pumpon ng mga bulaklak sa mesa. (dalawahan)
12. Maramihan ang produksyon ng mga tela sa pagawaan. (maramihan)
13. Matatalino ang magkakapatid na iyon. (maramihan)
14. Ang bahay at lupa ay malaki at malinis. (dalawahan)
15. Nag-iiyakan ang mga bata dahil natakot sila sa napakalaking sunog. (maramihan)

3. Pagpapalalim

Pagkatapos ng mga talakayan at mga halimbawa, sasagutan ng mga mag-aaral ang nakahandang pagsasanay.

Magbigay ng sitwasyon na maaaring may kaugnayan sa mga panlipunang pangyayari. Gamit ang mga kailanan ng pang-uri, magsusulat ng isa o dalawang talatang sanaysay ang mga mag-aaral. Guguhitan nila ang mga ginamit na pang-uri at babanggitin kung ano ang kailanan ng mga ito.

Magtalaga ng sapat na oras sa pagsusulat at pagkatapos ay pumili siya ng ilang mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sinulat sa mga kamag-aral. Pagkatapos ay hilingin na magbigay ng kanilang opinyon o reaksiyon ang mga nakinig na kamag-aral.

Halimbawang sitwasyon:

Katatapos lang ng pagbisita ni Pangulong Barack Obama ng Amerika, ang isa sa pinakamakapangyarihang tao sa daigdig. Sa kanyang pagbisita, nilagdaan ang kasunduan tungkol sa paggamit ng mga sundalong Amerikano sa mga base militar ng bansa.

Ilarawan kung paano sinalubong ng pamahalaan ang Pangulo ng Amerika.

C. Kongklusyon

Iplarawan sa mga mag-aaral ang isang lugar na pangarap nilang marating. Gagawin nila ito sa pamamagitan ng pagsulat ng maikling sanaysay.

Ang unang bahagi ng pagsusulat ay ang sanaysay tungkol sa lugar na pangarap nilang marating. Ang ikalawang bahagi ay paglilista ng mga pang-uring ginamit nila sa sanaysay, at ang kailanan ng mga pang-uring ito.

Pumili ng mga mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sinulat sa klase.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Log on to www.rexinteractive.com

Takdang Aralin

Magpapalitan ng kuwaderno ang mga mag-aaral para sa pagwawasto:

Isulat ang dalawahan at maramihang kailanan ng pang-uri ng sumusunod na mga pang-uri:

| Isahan | Dalawahan | Maramihan |
|-------------|-----------|-----------|
| 1. makapal | | |
| 2. mabilis | | |
| 3. malaki | | |
| 4. mabaho | | |
| 5. mahalaga | | |
| 6. maliit | | |
| 7. maunlad | | |
| 8. maganda | | |
| 9. malawak | | |
| 10. masikap | | |

Ikalawang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 2

Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

Aralin 2 – Pag-unawa sa Kayarian ng Pang-uri

Teksto: Sa Dapithapon (Dagli)
Raphael Alejandro Dinopol

A. Panimula

1. Pangkatin sa dalawa ang klase at papilahin. Magtalaga ng isang mag-aaral sa harap ng bawat pila bilang markang iikutan ng bawat isa.
2. Magbigay ng mga pangungusap at ipasabi sa mga mag-aaral kung alin ang pang-uri sa pangungusap.
3. Mag-uunahan sa pagsagot ang bawat pangkat at ang bawat tamang sagot ay isang ikot.
4. Magtuloy-tuloy ng pagtatanong hanggang may maunang matapos sa dalawang pangkat.

B. Katawan

1. Kasanayang Pampanitikan

Babasahin ang dagli.

Sa Dapithapon

Raphael Alejandro Dinopol

Sa dapithapon, sa itaas ng pinagtagpi-tagpiing yerong bubong ng bahay nila, nag-aabang siya ng simoy. Susubuking paliparin ni Pepe ang saranggolang gawa sa luntiang plastik at walis-tingting.

Habang siya ay tahimik na naghihintay, naupo siya sa isang gulong na nagsisilbing pabigat sa bubong ng kanilang tahanan. Tahimik na nagmasid si Pepe. Kitang-kita niya ang mga pangyayari sa paligid. Sa gawing kaliwa, sa may riles ng tren, masayang naglalaro ang mga bata. Sa gawing kanan, umaalingasaw naman ang *dumpsite*.

"Pepe," sigaw ng ina, "andito na ang mga sampaguita!" Dali-dali siyang pumanaog bitbit ang saranggolang muli na namang bigo sa paglipad.

Sanggunian: Alwin Aguirre at Nonon Carandang, eds. (2011). *Dadaanin*. Anvil Publishing: Quezon City, Philippines.

Pamantayang Pangnilalaman:

Napag-iiba-iba ang mga pang-uri ayon sa kanilang kayarian.

Pamantayang Pagganap:

Nagagamit nang wasto ang mga antas ng pang-uri sa pagpapahayag na pasalita at pasulat.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naihahambing ang sariling saloobin o opinyon sa saloobin o opinyon ng iba.
2. Naipaliliwanag ang mahahalagang tema at paksang nakapaloob sa binasang akda.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

2. **Kasanayang Panggramatika**

Talakayin ang paksa tungkol sa Kayarian ng Pang-uri.

- a. Payak ang pang-uri kung ito ay binubuo ng likas na salita lamang.
Halimbawa: simple, payat, haba, bilog
- b. Maylapi ang pang-uri kung ito ay binubuo ng salitang ugat at panlapi.
Pinakagamiting panlapi ang ka, kay, ma, maka, at mala.
Halimbawa: maliit, matatag, kaylaki, marami
- c. Inuulit ang pang-uri kapag inuulit ang salitang ugat o ang panlapi.
Halimbawa: makapal na makapal, matabang-mataba, masisiba, matatakaw, malalaki
- d. Tambalan ang pang-uri kung binubuo ito ng dalawang salitang pinagsama. Ang mga pang-uring ito ay maaaring may kahulugang karaniwan o patalinghaga.
Halimbawa: biglang-yaman, kapit-tuko, tamis-asim

3. **Pagpapayaman**

Ang **dagli** ay isang anyo ng maikling kuwento na mas maikli sa karaniwang anyo ng maikling kuwento ngunit taglay rin nito ang katangian ng isang karaniwang maikling kuwento. Mayroon din itong mga tauhan, pangyayari, paksa, simula, gitna, at wakas.

Ipalista sa mga mag-aaral kung ano-ano ang pang-uri na narinig ng klase mula sa napakinggang dagli. Isusulat nila ito sa tsart na ginawa sa pisara.

| Payak | Maylapi | Inuulit | Tambalan |
|--------------|----------------|------------------|-----------------|
| luntian | umaalingasaw | pinagtagpi-tagpi | |
| tahimik | dali-dali | | |
| masaya | | | |

4. **Pagpapalalim**

- a. Magpakita ng isang larawan na nagpapakita ng kapaligirang malinis at maayos. Illarawan ng mga mag-aaral ang nakitang larawan sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga pangungusap na gumagamit ng mga pang-uri sa iba't iba nitong kayarian.
- b. Isusulat nila ang pangungusap sa kalahating papel. Itakda kung ilang pangungusap ang gagawin ng mga mag-aaral.
- c. Pagkatapos ng takdang oras, pumili ng mga mag-aaral na magbabahagi ng isinulat nilang pangungusap sa klase.

C. Kongklusyon

1. Hatiin sa apat na pangkat ang klase (depende sa bilang ng mga mag-aaral, maaaring bawasan o dagdagan ang pangkat).
2. Magpagawa ng *mini* sarbey sa bawat pangkat sa mga 20 batang makakasabay nila sa pag-uwi o sa reses.
3. Ilista sa isang tsart ang sagot ng mga nasarbey at ihanay sa tamang hanay ang mga pang-uring binanggit ng mga nasarbey.
4. Base sa nagawang sarbey, gagawa ng isang dagli ang bawat grupo at ibabahagi ito sa mga kaklase.

Mga Tanong:

- a. Ano ang gusto mong ginagawa kapag walang pasok? Bakit?
- b. Ano ang pinakaayaw mong gawin? Bakit?

| Payak | Maylapi | Inuulit | Tambalan |
|-------|---------|---------|----------|
| | | | |
| | | | |
| | | | |
| | | | |

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

Ikalawang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 3

Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

Aralin 3 – Paggamit ng Impormal na Wika sa Komunikasyon

Teksto: Mga artikulo sa tabloid

Mga Layunin

1. Nailalahad ng maayos at mabisa ang saloobin tungkol sa binasa
2. Nagagamit sa iba't ibang sitwasyon ang mga salitang ginagamit sa impormal na komunikasyon

A. Panimula

Tanungin ang mga mag-aaral kung ano ang mga alam nilang popular na babasahin. Ipalarawan sa kanila ang mga babasahing ito. Maaaring ipabasa sa kanila ang mga dala niyang babasahing popular upang makitang mabuti ng mga mag-aaral.

Mga halimbawang sagot:

1. Manga
2. Tabloid
3. Komiks
4. Tagalog romance novels
5. Iba pa

B. Katawan

1. Kasanayang Pangwika

Hatiin sa limang grupo ang mga mag-aaral at bigyan sila ng tig-iisang kopya ng tabloid o komiks. Bigyang-diin ang *headline*. Ito lamang ang babasahin ng mga mag-aaral. Ipalista ang mga salitang pamilyar sa kanila.

Pamantayang Pangnilalaman:

Nabibigyan ng kahulugan ang mga salitang binasa sa popular na babasahin.

Pamantayang Pagganap:

Nagagamit ng wasto sa pasalita at pasulat na komunikasyon ang mga salitang ginagamit sa impormal na komunikasyon.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Naihahambing ang sariling saloobin o opinyon sa saloobin o opinyon ng iba.
2. Nagagamit ng wasto sa iba't ibang sitwasyon ang mga salitang ginagamit sa impormal na komunikasyon.

Pagkatapos ng takdang oras, ipapa-*report* sa klase ang mga nailista ng bawat grupo. Ililista ito sa pisara. Magtakda ng oras na sa palagay ay sapat upang makapagbasa at makapaglista ang mga mag-aaral.

Magkakaroon ng mga talakayan at palitan ng opinyon sa klase tungkol sa mga salitang nailista sa pisara o sa mga salitang binanggit ng mga mag-aaral.

2. Pagpapalalim

Paggamit ng Impormal na Wika sa Komunikasyon

- Impormal na wika sa pagsasalita – Ginagamit ang impormal na wika sa pagsasalita sa mga pagkakataong kailangan ang diskursong pasalita tulad ng paggamit nito sa mga karaniwang pakikipag-usap na ginagamitan ng mga karaniwang paraan ng pagsasalitang tulad ng kolokyal, lalawiganin, at balbal.
- Impormal na wika sa pagsusulat – Ginagamit ang impormal na wika kapag nagsusulat sa mga kaibigan o kamag-anak, sa pagbubuo ng mga patalastas na nagtatakda ng pulong o pagkikita; kapag ginagamitan ito ng mga antas ng wika na lalawiganin, kolokyal, at balbal.

Mga Antas ng Wika:

- a. Lalawiganin – Wikang ginagamit at laganap sa isang lugar o lalawigan
Halimbawa: kabalen, masanting, napintas
- b. Kolokyal – Mga pinaikling salita na ginagamit sa araw-araw na pakikipag-usap
Halimbawa: teka muna, meron, kelan
- c. Balbal – Mga salitang may impluwensiya ng kabataan o grupo ng mga taong gumagawa ng sarili nilang paraan ng pagsasalita
Halimbawa: jowa, beki, okat tokat, KSP

3. Pagpapalawak

Hahatiin sa dalawang grupo ang mga mag-aaral at pipili ng tag-isang kamag-aral na tatayo sa harap bilang poste. Pipila sa likuran ang mga mag-aaral at mag-uunahan sila sa pagsasabi kung anong antas ng wika ang mga salitang sasabihin. Makakalakad pasulong ang mag-aaral kapag tama ang sagot at susunod naman ang nasa likod niya. Hindi makakaalis sa puwesto kapag mali ang sagot. Gagawin ito hanggang matapos ang lahat. Panalo ang may pinakamaraming tama sa loob ng takdang oras. (Maaaring dagdagan o palitan ang mga salitang nakalista sa ibaba.)

- | | |
|--------------|----------|
| • lespu | • inde |
| • dugay | • nasan |
| • mayaman | • ba't |
| • dyutay | • ala e |
| • mabunganga | • kumaon |

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

- jowa
- masaya
- sosi
- datung
- ako ba ine
- kalaboso
- walastik
- dyip
- dedma
- tadtad

4. Pagpapalawig

Dyad

- a. Hahanap ng kapareha ang bawat isang mag-aaral.
- b. Gagawa sila ng sagutang sulat para sa isa't isa gamit ang impormal na wika.
- c. Ibabahagi sa klase ng isa o dalawang magkapareha ang kanilang ginawang sulat. (Maaaring dagdagan ang mga parehang magbabasa ng kanilang ginawang palitang sulat.)

C. Kongklusyon

Pangkatang Gawain

Magsasama-sama ulit ang mga grupong nagkasama-sama sa pagsusuri sa tabloid. Ang bawat grupo ay gagawa ng patalastas tungkol sa isang napapanahong isyu gamit ang tatlong antas ng wika. Pagkatapos gumawa ng patalastas, ay itatanghal ito sa klase bilang isang maikling dulang patalastas.

Magbibigay ng reaksyon o saloobin ang mga kamag-aral tungkol sa pinanood nilang maikling pagtatanghal.

Mga halimbawang isyu:

- a. *pork barrel scam* ni Napoles
- b. baha
- c. matinding init
- d. pagtaas ng presyo ng mga bilinghin
- e. pagdami ng mga batang kalye

Takdang Aralin

Ilagay sa tamang hanay ang mga salitang nakalista sa unang kolum:

| | Lalawiganin | Kolokyal | Balbal |
|-----------|-------------|----------|--------|
| 1. teka | | | |
| 2. buwak | | | |
| 3. mam'ya | | | |
| 4. daku | | | |

| | | | |
|---------------|--|--|--|
| 5. pano | | | |
| 6. beki | | | |
| 7. bilmoko | | | |
| 8. astig | | | |
| 9. ba't | | | |
| 10. dedma | | | |
| 11. meron | | | |
| 12. kelan | | | |
| 13. mingaw | | | |
| 14. masanting | | | |
| 15. ma at pa | | | |

Ikalawang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 4

Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

Aralin 4 – Mga Uri ng Pangungusap

Teksto: Hindi Malayo ang Biyetnam
Virgilio Crisostomo

A. Panimula:

Basahin ang dagling “Ang Sarhentong Muslim.”

Ang Sarhentong Muslim

Natalo ng mga Amerikano ang mga Pilipino sa digmaan noong 1898 kaya nasakop tayo. Maraming mga Amerikano ang naglipana sa ating bayan. Isang heneral na Amerikanong nagngangalang Heneral John Pershing ang nangasiwa sa Mindanao nang magharap sila ng isang sarhentong Muslim. Naasiwa si Heneral Pershing sa sarhento dahil nahihirapan itong maintindihan ang sinasabi niya sa wikang Ingles. Sa inis ng heneral, sinabihan niya ito, “Anong klase kang sundalo, isa kang sarhento sa Philippine Army at hindi ka man lang makapagsalita sa wikang Ingles?” At biglang sumagot ang sarhento, “Anong klase kang baboy? Isa kang heneral sa US Army at hindi ka marunong magasalita ng Tausug?”

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014. *Kalinangan 8*.
Manila: Rex Book Store, Inc.

Magtanong sa mga mag-aaral tungkol sa dagli na kanilang pinakingnan:

1. Ano ang masasabi mo sa ginawa ni Heneral John Pershing? Tama ba ang ginawa niya? Bakit mo nasabi?
2. Sumasang-ayon ka ba sa sinabi ng sarhentong Muslim? Bakit?
3. Anong ugali ng Pilipino ang ipinakita ng sarhentong Muslim? Ano ang masasabi mo sa ugaling ito?

Pamantayang Pangnilalaman:

Nakapagbabahagi ng mga sariling palagay sa mga kaisipang nakapaloob sa akda batay sa pagiging makatotohanan at hindi makatotohanan na mga pahayag.

Pamantayang Pagganap:

Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa akdang binasa.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nakikilala ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa akdang binasa.
2. Natutukoy ang mga katangian ng tauhan, simbolo, at pahiwatig na ginamit ng may-akda.
3. Nakagagawa ng mga karagdagang pananaliksik tungkol sa paksa ng akdang binasa.
4. Nagagamit ang Internet at teknolohiya sa pananaliksik at pagbabahagi ng mga datos.

B. Katawan

1. Pagbasa

Talakayan tungkol sa maikling kuwentong “Hindi Malayo ang Biyetnam” ni Virgilio Crisostomo.

Hindi Malayo ang Biyetnam

Virgilio Crisostomo

Ang karahasan ba ay pisikal lamang? Ano-ano ang iba pang pagpapahiwatig nito? Wala akong narinig sa kanilang usapan nang yakapin ni Itay si Inay. Nakangiti, umaalo ang mukha ni Itay, habang mugtong-mugto ang mga mata at abot-abot ang hikbi ni Inay.

Sa kuwadrang salaming iyon na bahagyang pinalabo ng mga marka ng daliri ng kung sino-sino, huli kong nasilayan ang mukha ni Itay bago siya tumulak sa Biyetnam. Nakatingkayad ang maliliit na paang nakasapatos na pansimba, nakapangungunyapit ang maliliit na daliri sa makitid na *frame*, nanghahaba ang leeg at nanlalaki ang mata sa pagsisikap na makita ang dalawang aninong iyon. Ako iyon, isang paslit na pitong taong gulang. Isang musmos na naghahatid-tingin sa isang amang tutungo kung saan. Nangawit ako sa katitingkayad. At nang sumayad ang sakong ko sa sahig ay biglang nawala rin ang tagpong iyon. Siniko ko ang aking Kuya Danny na halos idikit na ang mukha sa salamin.

“Kuya... Kuya... bakit umiiyak ang Inay?”

Pero hindi yata niya ako napansin. Nang tingalain ko siya ay kagyat akong nagtaka. Noon ko unang nakitang umiyak ang Kuya. At iyon na rin yata ang kahuli-hulihan. Noo’y hindi ko maunawaan kung bakit dapat umiyak ang Kuya ko. Pag ako’y umiiyak ay sinasabi niya sa akin na hindi dapat umiyak ang isang lalaki. Hindi bale si Inay, babae siya. O si Ate Saling. O si Lits. O ako. Bata pa kami. Iyakin. Si Ate noo’y nuwebe anyos pa lang. Ako’y siyete. At si Lits ay tatlo. Pero si Kuya, *first year* na siya sa hayskul. Malaki na siya. Iginala ko ang tingin kina Ate at kay Lits. Naroroon pa sila’t libang sa *escalator*. Walang sawa sa kapapanhik-panaog. Panhik-panaog. Walang kamalay-malay sa madulang tagpong iyon.

Hinatak-hatak ko’yung T-shirt ni Kuya. Gusto kong makitang muli ang Itay. “Kuya! Kuya! Kargahin mo ako!”

Naalimpungatan yata uli ang Kuya. Dinukot’yung panyo saka pinahiran ang mata.

“Bakit ba kayo umiiyak?” paungot kong usisa kay Kuya. “Pa’no aalis na ang Itay. Pupunta sa Biyetnam, duon siya magtatrabaho,” basag ang boses ni Kuya. Parang may bara sa lalamunan. Pati tuloy ako’y napalunok.

“O, eh bakit kayo umiiyak?” sabay tingkayad kong muli. At sa malabong salami’y natanaw ko sina Itay, hinihimas-himas niya ang buhok ni Inay.

“E pa’no matagal nating di makikita ang Itay. Matagal siyang mawawala.”

“Bakit... malayo ba ang Biyetnam?”

“Malayo... malayong-malayo...” nagsasalita ang Kuya ngunit ‘di napapaknit ang kanyang tingin sa malabong salaming iyon. Umaaninag, tumatagos sa malabong salaming iyon. Sa pagtingkayad kong muli’y papalayo na ang Itay. Bitbit ng kanang kamay ang maleta. Ang kaliwa’y nakayapos sa baywang ni Inay. Mahigpit. Mapagmahal. At ang aninong yao’y unti-unting naglaho sa kalabuan ng salaming iyon.

Nagkagulo ang mga Tata at Nana at mga pinsan kong naglipana sa bulwagan ng paliparan. Humahangos si Ate at si Lits na nakatuwaan namang paikutin ang malaking globo sa gitna ng bulwagan.

“Lilipad na raw ang eroplano, Bong,” sabay kabig sa akin ni Ate Saling nakangiwi namang humahabol si Lits.

“Aalis na nga ba ang Itay mo, Danny?” tanong ng Nana Belen ko sa Kuya.

“Oho,” mahinang sagot ni Kuya.

“Aba’y tena na,” yakag ni Tata Kardo.

“Saan ba makikita ‘yung eroplano, ha?” tanong ng Nana Gelang.

“Doon,” sagot ng Tata Kardo at itinuro ang isang pintong pinagkakaguluhan ng mga tao.

Nakalimutan ko na kung magkano ang ibinayad ng Tata Kardo sa pagpasok namin doon. Ngunit may sinabi siyang pabiro na bagama’t biro ay hindi ko malilimot. Sabi niya: “Hindi bale na, Danny. Pagbalik nito, dolar na.”

Dolar. Iyon na yata ang pinakapalasad na salita kong narinig sa pag-uusap ng matatanda simula nang marinig ko sa kanila ang katagang Biyetnam. Tuwing mag-aalmusal kami ay sa dolar lagi natutuloy ang usapan.

“Kahit nga ba medyo peligroso,” paliwanag ni Itay, “e, dolar naman ang suweldo ko. Mantakin mo namang triple ang kikitain ko doon kaysa rito, na wala namang tumatanggap sa akin.”

Minsan naman, sasabihin ni Itay: “Puwedeng magbukas ako ng *account* sa bangko sa dolar. Napakadaling bumaba ng piso, e. Halos taon-taon bumababa.” Ang palagi ko namang naririnig sa Nanay e, “Pero peligroso doon. Ano na ang katuturan ng dolar kung wala ka na?”

Sasagutin naman ng Itay ng tawa: “Aba e huwag mong iisipin ‘yung mga ganoong bagay at talagang hindi tayo aasenso. Ang malas, kahit nasaan ka e talagang darating. Iyung iba nga ni hindi lumalabas ng bahay e naaaksidente pa rin. Sabi nga ng Inang mo sa akin nang nanliligaw ako sa ‘yo, kung ‘di ukol, ‘di bubukol.” Tapos magtatawanan sila. At mauwi na naman sa dolar ang usapan.

Marami akong natatandaang usapan nila na noo’y ‘di ko naman maunawaan. Tulad ng isang gabing nakaupo sila sa sopa naming yantok. May lambong ng lungkot na muling mababanaag sa kanilang mata. At si Inay ang laging mauunang magsasalita, “Kung hindi ka sana naalis sa trabaho...” na sasansalain naman ng Itay, “O... o... ayan ka na naman... kalimutan mo na iyon. Nakaraan na iyon.”

“Paano kung makakalimutan iyon. Wala ka namang ginagawang kasalanan e naalis ka sa trabaho.”

“Hindi ako ang unang biktima ng in-hustisya. At hindi rin ako magiging huli.”

“Sana’y hindi ka na kailangan pang umalis.”

“Para magtiis sa isang gawaing alam mong hindi tama. Magbulag-bulagan sa mga kabulukan. Makisali sa pandaraya sa mga tao. Hindi ko talaga masikmura ang ganoon.”

“Pero narito ka naman. Sa piling namin. At hindi kami mag-aalala.”

“Ibig mo bang sabih’y pipiliin mong sirain ko ang pagkatao ko para lang mailigtas ang posisyon ko sa bulok na opisang iyon?”

“Hindi naman sa ganoon... kaya lang...”

“Saka sa pagpunta ko sa Saigon, sa Biyetnam ay isa ring paglilingkod ko sa kalayaan. Hindi ba? Nanganganib ang Biyetnam. At handa tayong magpakasakit.” Kapag ganoon ang usapan, tutungo na ang Inay. At bahagyang nagsisikip ang dibdib sa pagtitimpi sa kanyang luha na lalapit si Itay at buong lambing na aakbayan ang Inang sa balikat. Aalu-aluin at itatayo ito, aalalayan sa paglakad hanggang sa kanilang silid. At ang pinto ay pipinid. Pipinid iyon nang hindi ko naarok ang lalim ng kanilang pinaguusapan. Sa hagdan ng eroplano’y ilang katao silang nangakalingon at kumakaway. Sa layong ito’y hindi ko malaman kung alin si Itay sa kanila. Lahat sila’y nangaka-Amerikanang itim na nangagsalaming may kulay. “Ayun! Ayun ang Itay mo,” tumitili na ang Nana Gelang na karga-karga si Lits. “Lits, babay ka na sa Itay. Babay! Babay!”

Kumakaway silang lahat. Si Kuya at si Ate. Ang mga pinsan ko. Mga tiyo’t tiya. Hanggang sa alisin na ang hagdan, at ipinid na ang pinto. Hanggang mga anino na lamang sa mga bughaw na bintana ang kanilang nakikita. Hanggang sa umatungal—nakabibingi, nakatutulig ang mga dambuhalang makina at umusad ang higanteng ibon. Dahan-dahan. Umikot. Bumalik. Umangat sa lupa’t pumaimbulog sa itaas. Paliit nang paliit, hanggang sa tuluyang maglaho ito’y kumakaway pa rin sila. Ako. Kami. Kahit hindi namin siya nakikita’y alam naming naroroon siya. Sa dambuhalang ibong yaong magdadala sa kanya sa malayong-malayong Biyetnam. Sa unang taon ng pagkawalay ni Itay ay mistulang balo ang ikinikilos ng Nanay. Madalas ay tatahimik. Lalong-lalo na sa hapag na dati-rati’y kongreso nila ni Itay. Sa harap ng radyo. O ng dyaryo. Sa mga gayong pagkakatao’y si Kuya ang hinaharap ko.

“Bakit umiiyak ang Nanay?” bulong ko kay Kuya na kung ano-ano ang kinukutikot sa likod-bahay.

“Talaga,” sagot niya.

“Talagang ano?”

“Talagang ganoon ang mga ina. Nag-aalala sa kanilang asawa.”

“May nangyari ba kay Itay?”

“Wala naman. Kaya lang e kung ano-anong balita ang nababasa’t naririnig ng Inay. Kamukha kagabi binomba raw ang Saigon.” “Bomba? ‘Yung kamukha kina Fernando?” “Sinong Fernando?” tanong ng Kuyang nagtataka. “Si Fernando Poe!” “Ah... oo...” Tumangotango siya’t bahagyang ngumiti. “Bakit binomba ang Saigon?” “May giyera sa Biyetnam. At karaniwan lang ‘yun doon. Kaya laging nasa peligro ang buhay ni Itay,” sabay dampot sa gulok ng Kuya na madaling nawala sa kawayanan. Hindi ko pa rin magagap ang peligrong sinasabi nila na lalong hindi ko maintindihan ang pag-iyak-iyak ni Inay. Masarap nga ‘yung giyera, naisip ko. Pulos bakbakan. Si Fernando nga, ang tagal-tagal nang nakikipaggiyera hindi naman naano.

Subalit nang natunghayan ko ‘yung larawan ng Saigon sa pahayagang binabasa ni Inay—‘yung mga mukhang duguan, mga putol na kamay, mga paang naglawit-lawit sa katawang buhat-buhat ng isa pang katawang duguan din—ay hindi ko mapaniwalaan na gayon ang giyera at iyo’y sa Biyetnam. Sa magaa’t buhay na pagsasalita ng Itay sa paliparan at sa mga masasayang mukha ng mga kaanak na naghatid sa kanya’y hindi maaring magkagayon ang Biyetnam.

Various online tools which make teaching and learning richer and more meaningful are just a few clicks away!

American Communication Engr.
Saigon, Vietnam

June 15, 1964

Dear Neng,
Arrived safely. Regards to children and everybody.

Love,
Carlos

Iyon ang unang komunikasyon ni Itay mula sa Biyetnam. At hindi natiis ni Inay—ng iyaking Inay—ang maluha. Pero si Kuya’y nakangiti. Umaalo sa isang inang nangungulila. At noon ko napansing may malaking pagkakahawig pala silang dalawa. Si Itay at si Kuya.

Tuwing may darating na sulat mula sa Biyetnam ay tatawagin kami ni Inay at babasahin nang malakas ang mga sulat ni Itay. Tuwing darating ang kartero ay magkakagulo na kami. Upo si Inay sa sofa at maggigitgitan kami sa kanyang tabi. At sa tuwing mababanggit ang pangalan namin sa sulat ay tuwang-tuwa kaming magkakapatid.

“Si Danny ba’y scholar pa rin?” at ngingiti ang Inay kay Kuya na sasagot naman ng “Syempre!”

“Danny, mag-aaral kang mabuti. Dati’y hawak natin ang hayskul. Ngayo’y hawakan mo naman, hane!”

“Si Sol nga ba’y kinukuhang sagala? Aba, baka hindi pa dalaga’y maligawan ka na,” at magtatago na si Sol sa ilalim ng sofa.

“Si Totoy ba’y Totoy pa rin? Lagi kang iinom ng gatas anak. At mukhang nangayayat ka,” at kakapain naman ng Kuya ang masel ko sa braso na wala naman doon. Marami akong natatandaang usapan nila na noo’y di ko naman maunawaan. “Si Lits, marunong na bang magsalita nang tuwid? Tuturuan ninyong lahat. Aalagaan ninyong mabuti ha?” at kapag natapos na ng Inay ang para sa ami’y ilulupi na niya ang liham at tutungo na sa kanyang silid para basahin ‘yung nauukol sa kanya. Mga kataga ng paglalambing, ng pagmamahal, ng pag-alo. Ng pangako’t pagsumpa. Paminsan-minsa’y magpapadala ng mga larawan si Itay. Mga larawang buong-ingat naming hahawakan at matagal na tititigan. Naroon kasama niya ang ilang Amerikano.

O ilang Pilipino. O ilang Biyetnames na pawang kasamahan niya sa trabaho. Naroon nakatayo sila sa tigang na lupang kanilang binubungkal upang pagtayaran ng bakal na kongkreto. Naroon nasa loob sila ng *radio control room* at naliligiran ng mga aparato. Naroon may hawak-hawak na *chopsticks* habang kumakain sila ng pansit sa isang restawran sa Saigon. “Tumataba siya ano?” nasambit ni Inay na parang naghahanap ng katiyakan.

“Oo nga ho,” nag-aatubiling sagot ni Kuya. Pinag-aralan ko ‘yung mukha ni Itay. Hindi naman tumataba. Mukhang nangayayat pa. Pero baka naman dahil sa malaking Amerikanong kasama niya sa litrato. Mukha ring umitim siya. Pero baka naman dahil mapuputi ‘yung katabi niya kaya tumitingkad ‘yung kulay niya. Iyon ang mga panukala ni Inay noong hindi ako umayon sa kanyang sinabi. Pero, ewan ko. Marahil ay napansin din nila. Nakangiti si Itay. ‘Yung dati niyang ngiti. Pero walang ningning ang mata niya. Walang

sigla. Sa buong paglagi ni Itay sa Biyetnam ay hindi lang apat o limang ulit na inilipat siya sa trabaho. Noong una'y sa Saigon siya. Malauna'y pinadala siya sa Danang. Pagkatapos ay sa Na-Trang. Sa Cantho. At kung saan-saan. Mga pangalan ng mga lugar na sa una'y parang kakatuwa, ngunit malauna'y nagiging pamilyar na rin. Kung saan may gawain, doon siya ilalagay ng kompanyang Amerikanong iyon. Nagtatayo ng mga toreng panradyo. Bumubuo ng mga *communication center* ng armi. Tumutulong sa pagbuo ng *settlements* para sa mga biktima ng digmaan. Minsa'y kasama sila ng mga sundalong Amerikano. Minsa'y Biyetnames. Minsa'y Pilipino. O ng *Operation Brotherhood*, kaya. Ang mga larawang ipinadadala niya'y namumutiktik sa mga sundalo't kampo. Ngunit ang mga mukha sa mga larawang iyo'y hindi kakikitaan ng ano mang bahid ng digmaan. Ang ngiti nila'y waring mga lambong na tumatakip sa mga sugat ng mga pangyayaring halos araw-araw ay inihahantid ng mga pahayagan. At ang kanyang mga kuwento'y pawang masasaya. Tungkol sa kanyang mga kasama sa trabaho na pawang mababait naman daw. Sa mga kabalat na nakatalisod niya sa Biyetnam. Sa magandang lugar na halos kamukha na ng mga lugar natin dito. Sa mga katutubong halos ay kasing balat na rin natin. Sa mga Amerikanong *boss* niya na bagama't istrikto ay makatarungan naman. Masaya. Masaya ang Biyetnam. At ang digmaa'y walang puwang sa isang masayang Biyetnam. Ilang tag-araw, ilang tag-ulan ang nagsalit-salit. Ang bubong na dating pawid ay naging yero. Ang silong na dating lupa ay naging kongkreto. Ang mangitim-ngitim na tablang dingding sa itaas ay nagdagdag ng mga *hollow blocks* sa ibaba. Isang maliit na telebisyon ang tumabi sa radyo. Si Lits ay nag-aaral na sa paaralang nayong pinagdaanan naming lahat. Ako'y magtatapos na ng elementarya at umaasam noon na mapasali sa talaan ng mga pararangalan. Si Ate Saling ay nasa hayskul na. May tatlo, apat nang gumigiri at ako ang mapalad na tulay. Si Kuya. Nasa lungsod na siya. Sa pamantasan, doon siya nangangasera sa isang *cottage* doon. At ang Inay, liban sa ilang guhit sa noo, ilang hibla ng pilak sa buhok at salamin sa mata ay halos walang pinagbago. Siya pa rin ang babaeng walang kibo. Masipag. Matiyaga. Ngunit hindi na siya ang dating Ina, na sa kaunting balita ng gulo sa Biyetnam ay agad na luluha. Nalibang marahil sa sulat ni Itay o kaya'y wala na lamang mailuha.

Nang yakapin ng Kuya si Inay ay parang kung anong init ang biglang naipon sa aking dibdib. Sa aking kamalaya'y hindi ko na mahanap pa ang tagpong iyon. Subalit sa pakiramdam ko'y isa ito sa mga tagpo ng nakaraan na inuulit na lamang ngayon. Bitbit ang maleta sa isang kamay, tinapik-tapik ng kabila ang balikat ni Inay. Nakangiti man sila'y may kung anong lumbay na bumabalot sa tagpong iyon. Ang mga tagpo ng paglisan at paghihiwalay ay laging may dalang kung anong bigat sa dibdib. Noong unang buwan ng Kuya sa Maynila ay sabik na sabik siya sa pag-uwi sa amin. Sabado pa lang ng umaga'y darating na siya, dala-dala ang malilibag niyang damit. Magmamano sa Inay. Hahanguin ang malilibag na damit. Maghahalungkat ng makakain sa kusina. Magkukuwento. Dadaing nang sandali sa paninibago sa Maynila. Sa mga kaklasing pa-Ingles-Ingles. Sa mga titser na *terror*. Sa madalas niyang pagkawala sa mga lugar na hindi niya kabisado. Pagkakain ng pananghalian ay lalabas sa may tindahan. Kukumustahin ang mga dating kaibigan. Mga kabarkadang napag-iwanan. Mga kaklase sa hayskul na wala nang maipantustos sa kolehiyo at ngayo'y nagsasakang katulong ng mga ama-ama o gumagawa ng basket at tiklis o naglalabas ng *tricycle*. Sa gabi'y mag-aaral ang Kuya. At kinabukasan ng hapo'y babalik na sa Maynila. Ngunit nagtagal-tagal at dumalang nang dumalang ang uwi ni Kuya. Naging tatlong

beses isang buwan. Dalawang beses isang buwan. Isang beses isang buwan. Isang beses dalawang buwan. Sa maikling panahong itinira niya sa lunsod ay malaki ang ipinagbago niya. Hindi na siya ang dating kimi at mahiyaing kuya na kilala ko noon. Hindi naman sa yumabang siya, pero may kung anong tigas na nagpatatag sa kanyang pagkatao. Dati-rati'y nakikipag- usap lamang siya sa iba kung kinakausap siya. Dati-rati'y hindi siya magkalakalob na makihalubilo sa umpukan ng mga matatanda, ng mga tiyuhin ko. Subalit ngayo'y siya pa ang babati sa iyo. Siya ang kusang mauupo roon sa umpukan. Kukumustahin ka. Bibiruin ka. At kung hindi man sa pulitika magsisimula ang inyong usapan ay doon ito tiyak na babagsak. Sa mga diskusyong ito tinutuligsa ni Kuya 'yung mga bayaning huwad ng Pilipinas, 'yung mga alamat na nilikha ng mga mananalaysay na dayuhan, 'yung mga maling konsepto ng *hospitality* na halos ipagbili ang sariling bansa sa mga dayuhan sa ngalan ng pakikipagkaibigan. Tatalakayin niya ang masasalimuot na isyu. Dadalirutin niya ang loob at labas, ang kaliwa't kanan nito. Doon sa mga usapang iyon una kong narinig ang mga katagang misedukasyon, isipang kolonyal, imperyalismong Amerikano. Mga katagang ni sa guniguni'y 'di ko mabuo-buo. At sa aking kamusmusan ay nagtatanong ako. Komunista raw pala ang Kuya, sumbong ng tiyuhin ko sa Inay. Supilin daw hanggang maaga. Palipatin na ng eskwela. Mga pula at payong ikapamumula ni Inay. "Maraming ulit ko ngang pinangaralan iyang batang iyan, eh," isasagot ni Inay nang pakimi. "Baka 'ka ko sumasama sa mga rali-rali. E hindi naman daw." Tootoo 'yung sinasabi ni Inay pagkat madalas, bago lumuwas ang Kuya ay kinakausap siya ni Inay. Maghahanda ng dadalhing damit ang Kuya. Aayusin ang mga iyon sa kanyang bag. Lalapit si Inay at mahinay na uupo sa gilid ng katre. "Uwi ka ba sa Linggo, Danny?" mahinahong itatanong niya. "E baka ho hindi ako mauwi, e. Me eksamin ho kami sa isang linggo."

Matagal na 'di iimik ang Inay at tititigan si Kuya na kusa namang hindi iaangat ang tingin sa mga damit niyang inaayos. "Sinasabi ko lang naman, anak. Baka sumasama ka sa mga demonstrasyon. Madalas kong marinig na ang eskwelahan ninyo ang laging namumuno diyan." Mahinang sasagot naman ang Kuya. "Hindi naman ho ako sumasama, Inay. Pero... sana po e huwag naman maging negatibo ang pagtingin ninyo sa mga kabataan. May ibig silang iparating. Mga makatarungang hiling." "Ayan ka na naman. Magaling ba iyong pinapaalis ninyo 'yung mga Amerikano sa Pilipinas? Naku, hindi lang ninyo nakita ang mga ginawa ng Amerikano noong giyera." "Iyan nga ho ang laging sinasabi ng matatanda," kiming isasagot ng Kuya habang patuloy pa rin ang pag-aayos niya ng damit. "Yung mga sakripisyo ng mga Amerikano nu'ng giyera. Pero ang digmaang iyo'y digmaan ng mga..." at biglang mapapaudlot ang Kuya, parang nagdadalawang-isip kung itutuloy nga niya ang sasabihin, "... ng mga imperyalista." At inangat niya ang tingin sa mga mata ng Inay. Mga matang nagtatanong, nangangamba. "Mga malalaki, makapangyarihang bansang kumukubakob sa maliliit, gumagamit ng yaman ng may yaman. Ang ipinaglaban ng mga Amerikano'y hindi ang kalayaan ng daigdig kundi ang tagumpay ng kanilang kapangyarihan. Tayo ang biktima." Malalalim ang mga katagang iyon. Pati na ang mga salita ni Kuya'y nagiging makulay, maapoy. Sa gayong pagkakatao'y malilito si Inay. Naririto ang kanyang anak. Nagbubukas ng mga pintong dati'y wala roon. Pinakikita ang isang pananaw, isang daigdig na dati'y wala roon. At hindi niya mabuo ang larawan ng daigdig na iyon. "Naku, ewan. Pero isip-isipin mo man lang anak. Ang kinakain mo ngayon, ang binabayad mo sa eskwela, ang ibinibili mo ng damit, ang ibinabaon mo'y galing sa Amerikano. Dolar ang sinasahod ng Itay mo. At kung hindi dahil sa Amerikano'y wala. Gutom tayo. Matuto ka namang tumanaw ng utang na loob." "Bakit po naman tayo tatanaw ng utang na loob?" patanong na sagot ni Kuya. "Pawis

po naman ang pinupuhunan at buhay ang isinusugal sa Biyetnam." Pagkaraa'y tatahimik siya sandali. Bibilis ang pagsusuksok ng mga gamit sa bag. At muli siyang magsasalita na halos pabulong. "Ewan ko nga Inay. Minsa'y naiisip ko. Dapat nga kayang naroroon ang Itay? Hindi ho ba ang mga Kano ang dayuhan sa Biyetnam? Hindi ba sila ang lumikha ng digmaan doon? Bakit kailangan pang gugulin ng Itay, pati na'yung ibang mga Pilipino roon ang kanilang lakas at panahon sa isang digmaang walang katarungan? Isang digmaang hindi naman nila nilikha at lalong hindi nilikha para sa kanila o sa atin." Mabibigat ang mga katagang iyong parang isang daluyong na rumaragasa sa aking kamalayan. Naroroon ang Biyetnam... sa kung saan. Sa ibayong dagat. Sa malayong-malayo. Ngunit parang malapit lang iyon. Parang nararamdaman ko ang init ng apoy ng kanyang digmaan. Sa usapang tulad noo'y laging nagwawagi ang Kuya. Dahil na rin marahil sa hindi gaanong maarok ng Ina'y ang mga sinasabi ni Kuya. At si Inay ay lagi na lamang nagwawakas sa mga kataga ng pagsusumamo.

"Ku, ewan ko ba sa iyo. Basta ang sinasabi ko sa iyo e huwag kang makauwi-uwi dito nang putok ang iyong ulo. Ipangako mo lang sa akin anak, na hindi ka sasama sa demonstrasyon at ako'y mamamatay sa pag-aalala." Matatawa lang ang Kuya at yayapusin ang Inay nang buong paglalambing. "Huwag kayong mag-alala, Inay. Malaki na ako." At pagkaraa'y dadamputin niya ang kanyang bag at magpapaalam. Kay Inay. Kay Ate Saling. Kay Lits. At sa akin. Ang huling paalam niya sa ami'y noong isang Linggong dumating ang sulat ni Itay. Tulad ng dati'y naroroon ang mga larawan. Nakangiti. Masasaya. At naroroon ang mga gusaling itinatayo nila. Mga *barrack*. Isang eskuwelahan sa isang nayong sinalanta ng digmaan. Isang istasyon sa radyo. Naroroon ang mga kuwento. Nagkita sila ng kumpare niya. May asawa na raw itong isang magandang Biyetnames sa Saigon. Kinukumusta raw si Inay ng matalik na kumare nito na sumunod na sa kanyang asawa. Mayayari na raw ang itinatayong gusali sa Danang at baka malipat siya uli sa Saigon sa susunod na buwan. Kaya nga ngayon pa lang daw ay naghahanda na ng isang pa-despedida ang kanyang mga kasamahan. Nangakangiti. Masasaya. Ang mga larawan. Ang mga kuwento. "Kailan kaya tayo babalitaan ng Itay tungkol sa Biyetnam?" biglang tanong ni Kuya.

Walang umimik. Iyo'y isang katanungang hindi nag-aapuhap ng sagot. Bagkus ay kusang naglalaho sa katahimikan. Papaalis nang talaga ang Kuya. Naantala ng pagdating ng sulat ang kanyang pagbibihis. Kaya't kapagkuwa'y tumalungko at kinapa sa ilalim ng sopa ang marungis at pudpod niyang de-goma. Nagmamadaling sinuot iyon. Tumayo. Hinagud-hagod ang buhok. Hinablot ang diyaket na maong. Dinampot ang bag at nagpaalam.

"Aalis na ho ako, Inay." At mabilis na humakbang ang mga paang iyon. Sa madungis at pudpod na de-gomang iyon.

"Uuwi ka sa Linggo?" habol ni Inay.

Sandaling huminto at lumingon si Kuya sa may pinto. "Kailan kaya tayo babalitaan ng Itay tungkol sa Biyetnam?"

"Hindi na ho siguro."

At puminid ang pinto.

Dumating ang balita sa pamamagitan ng peryodiko. Sa mga nasugata't nasawi sa gulong iyo'y naroroon sa listahan ang pangalan ni Kuya.

“Danilo Crisol... UP student... organization, unknown...”

At sa itaas, sa bandang kaliwa ang unang pahina’y may larawan ng isang katawang naliligo sa dugo. Basag ang mukha. Nakadyaket ng maong. May de-gomang sapatos sa kaliwang paa. Ang kaparis ay tumilapon kung saan. At sa tabi ng duguang katawan, ay nakahandusay ang isang malaking plakard. Kaagad ay pinagbihis ni Inay si Ate Saling. Tinawag sa bintana ang kapitbahay namin at ipinagbilin kami ni Lits. Sagsag kina Tata Kardo at nagpasama sa Maynila. “Diyos ko, ang anak ko. Ang anak ko!” usal niyang di mapigtas-pigtas habang siya’y bumababa ng hagdan namin. Sa tantiya ko’y iyon pa rin ang inuusal-usal niya hanggang sa Maynila.

Pagdating ni Kuya’y halos di ko na siya makilala. Hindi nagawang retokihin ng ebalsamador ang mukhang winasak ng dalawang punglong tumagos sa kanyang noo at panga. Matagal ko siyang pinagmasdan. Mula pagbibihis hanggang sa paglilipat sa kabaong. At hindi matanggap na ang putla, matigas na bagay na iyo’y si Kuya nga.

Pagdating na pagdating pa lamang nila ay nagtuloy na ang Inay sa silid. Naroroon din sina Ate Saling at Lits. Doon—sa maliit na silid na iyong pinagsasaluhan namin ni Kuya nang siya’y buhay pa. Doon sila nagluluksa. Nilinga ko ang mga mukhang naroroon. Mga kapitbahay. Mga kamag-anak. Mga mukhang nahahabag. Mga mukhang nanonood. Mga mukhang nakikiramay. Mga mukhang ayaw umunawa.

“Kawawang bata. Minalas lang talaga. Siya pa ba naman ang matamaan.”

“Sayang ang batang ‘yan. Matalino pa naman.” “Kaya nga ba ‘yung anak ko e nilipat ko na ng eskwelahan, e.”

“Ano bang lipat-lipat? Ang anak ko’y pinahinto ko na ng pag-aaral.”

“Iyan ang hirap sa mga kabataan ngayon. Sobra ang dunong.”

“Kawawa naman si Kumare. Wala pa naman si Kumpare.”

“Hindi ka dapat umiyak,” madalas niyang sinasabi ito. Ngunit hindi ko rin mapigil. May matinding init na naghihimagsik sa aking dibdib. Habang iniimpit ay lalong nagwawala. Nagwawala. Hanggang sa ito’y makahulagpos.

Pinatelegramahan ni Inay si Ate Saling sa bayan. Hihintayin ang Itay. Uuwi ang Itay sa libing ng kanyang panganay at maghihintay kami. At naghintay kami. Matagal. Nakaiinip. Sapagkat ang panglaw na kakambal sa balikat ng isang kamataya’y isang bigat sa balikat na ibig-ibig mong ibagsak. Noong ikalawang araw dumating ang telegrama mula sa Biyetnam. Hindi makararating ang Itay. Ayaw siyang payagan ng kompanya pagkat hindi pa tapos ang kontrata. Magpilit man siya’y hindi sapat ang naiipon niya para pamasaha.

“Kasalanan ko. Patawad.”

“Ano ba sila? Taong bato?” Sa kauna-unahang pagkakatao’y tumigas ang salita ni Inay. Sandaling bumalask ang mga pugtong mata. “Wala ba silang anak? Hindi ba sila nakakaramdam?”

Nalibing si Kuya nang wala ang Itay. Ang mahabang prusisyon ay dinaluhan ng ilang pulutong ng mga kamag-aral ni Kuya. Naroon sila’t umaawit. Naroroon kami ni Inay. Sa likod ng mabagal na sasakyan na kinalalagyan ng isang utak. Isang utak na nag-iisip at pinasabog sa daan. Isang dilang nangahas mangusap at pinatahimik ng punglo. Isang biktima ng karahasan sa isang bayang walang digmaan.

Noo'y humigit-kumulang isang taon pagkamatay ni Kuya. Nakababang-luksa na kami subalit wala pa rin ang Inay sa dati niyang sigla. Madalas ay nakatitig sa kawalan. Nag-iisip. Naninimdim. Ganoong-ganoon siya noong unang umalis ang Itay. At nauunawaan ko iyon. Ang mga haligi'y malalaking kawalan. Isang Sabado noo'y nagpatao-po ang kartero at iniabot sa Inay ang isang sulat. Telegrama. Telegrama buhat sa Biyetnam. At sa putol-putol na mga salitang iyo'y nabuo ang isang mensahe. Uuwi na si Itay! Babalik na ang aking Ama! Dapat ay nagsisigaw ako noon. Niyakap ang Inay. Naglulundag sa tuwa. Kinalampag si Ate Saling at Lits.

Pero hindi, nakatingin lamang ako kay Inay na malumanay na niluping muli ang sulat at itinuloy na muli ang pagwawalis. Pagkaraa'y tumigil at nagsalita.

"Hindi ka ba natutuwa, anak? Hindi mo ba ibabalita sa Ate Saling mo?"

Hindi ko maipaliwanag kay Inay. Pero talagang hindi ko malaman ang dapat na maging reaksiyon ko. Pitong taon. Pitong taon ako nang siya'y lumisan. Pitong taon siyang nawala. Lima kaming kanyang iniwan. At sa pagbabalik niya'y apat ang kanyang daratnan. Sa mahabang paghihintay, isang kaluluwa ang nangahas mangusap: Ibalik! Ibalik ang mga ninakaw! Ibalik ang nawawalang ama! Ibalik! Ibalik! Sa pagkainip, isang kaluluwa ang tumutol at pinatahimik. At masama ang loob ko kay Itay.

Mula sa isang tuldok sa bughaw na langit ay unti-unti itong lumaki. Isang dambuhalang ibong nanggaling kung saan. Mula sa isang malayung-malayong pulo. Sa kanyang tiyan ay naroroon ang mga pasaherong naghanap ng pakikipagsapalaran sa malayong lupa at bumalik nang sugatan. Ah—at sa kanilang bungo ay naiipon ang mga kasaysayan ng mga kabiguan, sa kanilang labi'y namumutawi ang mga hinaing ng panghihinayang at pagsisisi.

Banayad, maingat na sumayad ang mga gulong sa mahaba, paikot-ikot na landas na iyon. Sa paliparang iyong bahagi lamang ng isang malaking lupaing kinatitirikan ng malaking gusali ng US Air Force. Isang malinis, magara, makabagong lunsod ng mga puti na naliligiran ng dumi't baho ng isang makasalanang lunsod ng kayumanggi. Ang Angeles, sabi nga nila, ay pugad ng mga anghel na hindi makapasok sa sarili nilang langit.

Dalawa lamang ang pinayagang pumasok sa *compound*. Ako ang isinama ni Inay. At sa aming pagkakatayo sa init ng araw ay nakadantay sa magkabila kong balikat ang mga kamay ni Inay.

Huminto ang eroplano. Itinulak ng mga kayumangging kamay ang isang hagdang bakal sa pintong nakapinid. Bumukas ang pinto. At sa pagbukas niya'y bumigat ang kamay ni Inay sa balikat ko.

Sa munting pintong iyo'y isa-isa silang bumaba. Itim. Puti. Kayumanggi. Mga nakauniporme at nakasibilyan. Ang iba'y may benda sa ulo o sa bisig kaya. Ang iba'y nakasaklay.

Ang iba'y iika-ika. At sa bawa't isang bumababa ay lalong humigpit, bumibigat ang mga kamay ni Inay sa aking balikat. Bumungad si Itay. Ang kaliwang balikat ay nakasampay sa isang metal na saklay. Ang kaliwang binti'y nababalutan ng puting gasa. Palinga-linga. Ang mga hapong mata'y naghahanap ng mga mukhang may ngiti sa kanyang pagbabalik.

Kumaway si Inay. At tuluyan nang napatakbo upang sa muling pagkikita'y muling mahaplos ang mukhang yaon na pinatanda ng mga taon, upang muling mayapos ang

katawang yaon na pinapayat ng isang panahon. Nang yakapin ng Inay si Itay ay hindi ko marinig ang kanilang usapan. Subalit alam kong baon-baon ni Itay ang totoong Biyetnam.

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014. *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

(Ang babasahing ito ay ginawa nang takdang aralin ng guro kaya inaasahang nabasa na ng mga mag-aaral bago pa magsimula ang talakayan sa klase. Ngunit maaari ring maglaan ng maikling panahon para sa muling pagbabasa ng mga mag-aaral.)

Mga tanong sa talakayan:


1. Ano ang problemang kinakaharap ng pamilya ni Danny?
2. Sa sarili mong pagpapahayag, ipaliwanag ang mga pagbabagong nangyari kay Danny nang mag-aral na siya sa Maynila.
3. Ano ang naging epekto ng pagpunta ni Carlos sa Biyetnam sa kanyang pamilya? Ilarawan ang epektong ito.
4. Bakit namatay si Danny? Makatarungan ba ang kanyang kamatayan? Bakit mo nasabi?
5. Bakit hindi nakauwi si Carlos nang mamatay si Danny?
6. Hindi sinasabi ni Mang Carlos ang buhay niya sa Biyetnam. Base sa iyong binasa, paano mo masasabi na naging mahirap ang buhay niya sa Biyetnam?
7. Sa mga balita at impormasyong nababasa at napapanood natin ngayon, paano mo mapaghahambing ang buhay ni Mang Carlos sa buhay ng mga OFW?

2. Pag-unawa sa Binasa

Pagsusunod-sunod ng mga pangyayari:

1. Pipili ng kapareha ang magkakaklase para sa susunod na gawain.
2. Pag-uusapan nilang muli ang binasang teksto at ililista ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa kabuuan ng kuwento.
3. Ililista nila ito sa isang nakahandang grapikong pantulong.

Grapikong Pantulong



Sagutin ang sumusunod na mga tanong:

- a. Sa pamamagitan ng nailistang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari, gumawa ng buod ng binasang teksto.
- b. Ano ang mga kasalukuyang isyung panlipunan na nakakatulad ng isyung tinalakay sa binasang teksto?
- c. Bilang isang kabataang mag-aaral, paano mo maipakikita ang iyong pagmamalasakit sa bayan? Maglista ng sampung mga paraan na sa palagay mo ay maaari mong magawa para sa bayan.

Ipapapasa sa mga mag-aaral ang ginawa nilang grapikong pantulong at ang buod ng kuwento. Irereport naman nila sa klase ang napag-usapan nilang mga isyung panlipunan na katulad ng isyung tinalakay sa binasang teksto.

3. Kaalamang Panggramatika

Paggamit ng mga uri ng pangungusap sa paglalahad ng damdamin

Talakayin ang iba't ibang mga uri ng pangungusap at kung paano ito nakakatulong sa paglalahad ng saloobin at para sa makabuluhan at malinaw na komunikasyong pasalita at pasulat.

Magbigay ng mga halimbawang pangungusap para sa bawat anyo ng pangungusap at pagkatapos ay humingi ng halimbawa mula sa mga mag-aaral upang malaman niya kung nauunawaan at nasusundan ng mga mag-aaral ang talakayan.

Mga Uri ng Pangungusap:

- a. Paturol – Ito ay pangungusap na nagsasalaysay. Ginagamitan ito ng bantas na tuldok.
- b. Patanong – Ito ay pangungusap na nag-uusisa o nagtatanong. Ginagamitan ito ng bantas na tandang pananong.
- c. Pautos – Nagpapahayag ito ng utos o pakiusap. Ginagamitan ito ng bantas na tuldok o tandang pananong.
- d. Padamdang – Ito ay pangungusap na nagsasaad ng matinding damdamin gaya ng pagkagulat, galit, takot, paghanga, at iba pa. Ginagamitan ito ng bantas na tandang padamdang.

4. Pagpapalalim

Dalawahang Gawain (Dyad):

Muling mag-uusap ang magka pareha at magtutulongan sa pagbubuo ng iba't ibang mga uri ng pangungusap ayon sa hinihingi ng sumusunod na mga sitwasyon (magtakda kung ilang pangungusap ang gagawin ng magkapareha para sa bawat anyo ng pangungusap):

1. Ipadadala sa Mindanao ang iyong ama bilang isa sa mga sundalong sasama sa digmaan.

2. Pinag-aagawan ng China at Pilipinas ang Scarborough Shoal at nagkataong ikaw ay anak ng mangingingisdang nangingisda sa lugar na pinag-aagawan.
3. Nakatira pa rin sa *tent* ang mga taong sinalanta ni Yolanda sa Leyte at nalaman mo na may kamag-anak ka pala doon.
4. Kasabay ng pagdami ng mga OFW dahil sa kawalan ng trabaho sa bansa, ay ang pagdami naman ng mga pamilyang tuluyan nang nagkakahiwalay dahil sa pangigingbang bansa.

5. Pagpapalawak

Pagkatapos ng pagbabahaginan ng mga naisulat na pangungusap, itanong ang sumusunod upang mapag-isipan ng mga mag-aaral ang kahalagahan at kaugnayan ng mga uri ng pangungusap sa makabuluhang komunikasyong pasalita at pasulat.

Mga Tanong:

1. Paano nakatutulong ang iba't ibang mga uri ng pangungusap sa pagkakaroon ng malinaw at makabuluhang komunikasyon? Ipaliwanag ang iyong sagot.
2. Sa iyong palagay, ano ang kahalagahan ng malinaw na komunikasyon sa pagkakaunawaan? Bakit?

C. Kongklusyon

Pananaliksik:

Hahatiin sa limang grupo ang mga mag-aaral at gagawa sila ng mga pananaliksik sa pamamagitan ng Internet at mga aklat tungkol sa mga digmaang naganap sa daigdig. Aalamin ng mga mag-aaral ang sanhi ng mga digmaan, anong mga bansa ang kasangkot dito, kailan naganap at kailan natapos ang digmaan, at paano natapos ang digmaan. Maaaring dagdagan o palitan ang listahan ng mga bansang nakaranas ng digmaan.

- Afghanistan
- Lebanon
- Pilipinas
- Japan
- Cambodia

Tanong:

Mula sa mga nalaman ninyong naging epekto ng digmaan sa mga bansang nakasanggot sa digmaan, ano ang inyong naging saloobin at paninindigan tungkol sa isyu ng digmaan? Ipaliwanag ang iyong sagot.

Ibahahagi ng mga mag-aaral ang resulta ng kanilang pananaliksik sa susunod na pagkikita ng klase bilang paraan ng pagtataya.

Ikalawang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 5

Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

Aralin 5 – Mga Pangungusap na Walang Paksa

Teksto: Prinsipe Rodante

Max Allanigue

A. Panimula

Magpakita ng mga larawan ng pista ng Moriones at ipalarawan sa mga mag-aaral ang mga ito.

Maaaring magkuwento din tungkol sa maikling kasaysayan ng pista ng Moriones.

B. Katawan:

1. Pagbasa

Talakayan tungkol sa komedyang “Prinsipe Rodante.”

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014.
Kalinangan 8. Manila: Rex Book Store, Inc.

Prinsipe Rodante

(Komedyang Moro-moro)
ni Max Allanigue

Unang Tagpo

Ang siping ito ay nang magdaos ng torneo para sa kamay ni Florinda.

Ang Torneo

(Magpapaseo ang mga Torneador, martsang mabilis)

Omides: Yayamang tapos na
ang pagpapaseo
At nakatugtog na
ang mga musiko,
Atin nang simulan
ang pagtotorneo,
At ikaw, Rodante,
ang mantenedor ko.

Pamantayang Pangnilalaman

Natutukoy ang mga katangian ng tauhan, simbolo, at pahiwatig na ginamit ng may-akda.

Pamantayang Pagganap

Nagagamit ang kasanayan sa paggawa ng mga pangungusap na walang paksa sa paggawa ng islogan.

Mga Kasanayang Pampagkatuto

1. Nasasabi ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa akdang binasa.
2. Napagsusunod-sunod ang mga pangyayari sa akdang binasa.
3. Naiuugnay ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa akda sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan.

Rodante: O mga gererong
piling panauhin,
Na nangagbuhat pa
sa ibang lupain,
Ang pagtotorneo’y
simulan na natin,
Ang magiging hangga’y
upanding malining.
Si Konde Merkudo
ng Reynong Verona
Ang unang paroon
sa gitna ng plasa.

Merkudo: Ako si Merkundong kinasisilawan
Ng sangkontinente sa pakikilaban,
Sa pikang kipkip ko at espadang tangan,
Dami ng gerero na nangagsigalang!
Ang lalaking itong sa aki’y nangahas
Ay tuturuan kong sa aki’y mangilag,
Kung ang pinagmula’y isang angkang hamak
Di dapat lumahok sa dugong-mataas.

Alvaro: Bago pumagitna, hamak na bilyano,
Magpakilala ka sa tanang narito.

Ramudin: Sa nangalilimping naritong ginoo
Hingi ko’y patawad sa nangyaring ito.
Ang kaliitan ko, O prinsipeng mahal,
Ay iyo na sanang pagpaumanhinan,
Hamak na bilyano itong kalagayan,
Sa tama ay salat at sa karangalan.
Tangi kong puhunan sa torneong ito
Ay pagsintang wagas na di magbabago,
Sa bunying prinsesang sulo ng buhay ko
Liwang na tanglaw niring pagkatao.
Prinsesa Florinda, ako’y si Ramudin,
Isang dukhang tao’t hamak na alipin,
Sa iyong sanghaya’y walang dalang hain
Maliban sa isang wagas na paggiliw.

Alvaro: (Biglang tatampalin si Ramudin)
Lubha kang pangahas, taksil na bilyano,

Sampu ng prinsesa'y kinakausap mo!

Rodante: (Galit)

Ang iyong inasal, bunying kapatid ko'y
Di dapat sa isang marangal na tao.

Alvaro: Sa ginagawa ko'y huwag makialam!

Rodante: Mantenedor akong dito'y inatasan!

Omidés: Alvaro, Rodante, inyo nang tigilan,
Magpakahinahon, huwag mag-alitan.

Rodante: Patawad, Ama ko.

Ramudin: Aking titiisin

Ang sa kay Alvarong ginawa sa akin
Pagka't kapatid mo'y pinagbigyan ko rin
At di niya natikman ang aking patalim.

Florinda: Lalaking magiting! Ako'y nabibihag
Ng magandang asal at bayaning tikas,
Dini sa puso ko'y tumimo't sumugat,
ni Kupidong, busog ng pagliyag!

Omidés: Ang pagtotorneo'y huwag nang babalamin,
Ang mangaglalaba'y pagitna ngayon din.
(Tugtog at labanan. Magagahis si Merkudo.)

Merkudo: Ako ay suko na, bilyanong Ramudin,
Tigil ang ulos mo't pagsaksak sa akin...
(Titigil ang laban. Si Merkudo ay ihahatid ni Ramudin sa isang silya.)

Rodante: Bilang mantenedor, dinggin yaring utos:
Si Duke Felino naman ang susunod,
Dito kay Ramudi'y makikipaghamok...

Felino: (Pagigitna)

Atin nang simulan ang pagpapamook!
Sukabang bilyano, tindig mo'y tatagan.
Si Konde Merkudo'y kung nagahis mo man,
Sa mga kaaway ko'y di ka magtatagal
At tatanghalin kang malamig na bangkay.

Ramudin: Kung ako'y sasamaing-palad sa patayan,
Ang buhay ko'y hain sa prinsesang mahal.

(Tugtog at labanan. Maninilapon ang mga espada.)

Felino: Ang mga espada'y yamang nabitiwan,
Pika ang gamitin natin sa labanan.

Ramudin: Marangal na duke, ako'y pumapayag.
(Tuloy ang labanan. Magagahis si Felino.)

Felino: Itigil na natin itong paglalamas,
Mabunying Ramudin, ang hingi ko'y habag.

Ramudin: Atas lang ng laro ang ulos ko'y salag.
(Itigil ang paglalaban.)

Alvaro: Waring malakas ka, palalong bilyano,
Kaya naman ngayo'y ito ang utos ko,
Donato, Pilipo, Isberto, Panopio,
Siya ay lusubi't pagtulungan ninyo.

Rodante: Ako'y tumututol, O Ama kong mahal,
Ang ganyang gagawi'y di makatarungan,
Gayong nag-iisa ay pagtutulungan,
Isa kontra apat: ano'ng kahulugan?

Florinda: O mahal kong Ina, iyo pong sabihin
Kay Ama na itong laban ay pigilin.

Yolanda: Esposong Omides, ano't naaatim
Ang ganyang torneong labag sa tuntunin?

Ramudin: Rosang masanghaya, Prinsesa Florinda,
Prinsipe Rodante at Reyna Yolanda,
Ang kaliitan ko'y tumatalagang
Lumaban sa apat kahit nag-iisa.

Omides: Yamang pumapayag ang bilyanong bantog,
Tuloy ang labana't mga paghahamok...

Florinda: Maghintay, Ramudin, tanggapin yaring handog
Itong bulaklak kong sa dibdib ay tampok.
(Ihahagis ang bulaklak. Daramputin ni Ramudin at idarampi sa mga labi.)

Ramudin: Salamat, Prinsesa, bulaklak mong bigay
Sa tapat ng puso'y aking ilalagay...

Florinda: At kung ang puso mo'y samaing tamaan,
Ang kamatayan mo'y aking kamatayan.

Donato: Tigilan, bilyano, iyang panininta!

Pilipo: Magsisi na ngayo'y katapusan mo na!

Isberto: Higpitan ang hawak sa tangang espada!

Panopio: Atin nang simulan ang pagbabatalya!
(Tugtug at labanan.)

Florinda: (Sa sarili, habang naglalaban.)
Mahabaging Diyos, Iyong alalayan
Si Ramuding irog sa pakikipaglaban,
Ninana ko pang ako'y masugatan
Kaysa ang sinta kong aking minamahal.
Birheng maawain, masintahing Ina,
Huwag mong payagang masugatan siya,
Bigyan mo ng lakas si Ramuding sinta,
Apat na kalaba'y nang masupil niya.
(Mag-iibayo ang bangis ng labanan.)

Omides: Ang bilyanong ito'y limbas na mistulang
Sumalag ng ulos, magbitiw ng taga,
Sa bilis ng kamay ay lintik na yata
Ang nakakahambing, ako'y humahanga!
(Magagahis ang apat na kalaban ni Ramudin. Titigil ang musika.)

Donato at Pilipo: Bilyanong magiting, kami ay suko na!

Isberto at Panopio: Itigil na natin ang pagbabatalya!

Rodante: Mga torneador, sinuman sa inyong
May nais humarap sa bilyanong ito,
hayo na't lumabas sa gitna ng kampo
At ipagpatuloy ang pagtotorneo.
(Maghihintay ng sagot si Rodante. Walang kikibo.)
Ano kayong lahat ay natitigilan?
Bakit di sumagot, mga kamahalan?

Isang Torneador: Kami po ay sadyang nahihintakutan.

Ibang mga Torneador: Wala pong katulad ang bilyanong iyan
Sa liksi at lakas, sa tigas at tapang!

Omides: Kung gayon, Ramudin, tagumpay ay iyo.
Mabuhay! Mabuhay! Ipaghiyawan ninyo!

Sanggunian: Sinulat ni Max Allanique at itinanghal noong Nobyembre 1962 ng San Dionisio Cultural Society ng San Dionisio Parañaque, Rizal sa pamamahala ni Dr. Feleicidad Mendoza

2. Pag-unawa Sa Binasa

- A. Sagutin ang sumusunod na tanong gamit ang buong pangungusap:
1. Ano ang moro-moro?
 2. Ano ang buod ng Prinsipe Rodante?
 3. Sino ang mga pangunahing tauhan sa binasang moro-moro?
 4. Sino ang sumulat ng siping ito ng moro-moro?
 5. Bakit tumututol si Alvaro na mapangasawa ni Prinsesa Florinda si Ramudin?
 6. Bakit sumuko ang mga toreador kay Ramudin?
- B. Sumasang-ayon ka ba na idaan sa isang paligsahan ang pagpili ng mapapangasawa? Bakit?

3. Pagpapayaman ng Talasalitaan

Ibigay ang kahulugan ng sumusunod na mga salita at gamitin ang mga ito sa pangungusap:

- a. nangahas
- b. mangilag
- c. angkan
- d. salat
- e. wagas
- f. sanghaya
- g. makikipaghamok
- h. nagahis
- i. bantog
- j. toreador

4. Pagpapalawak

Gamit ang sumusunod na tsart, isulat ang mga makatotohanan at hindi makatotohanang pangyayari sa binasang Prinsipe Rodante:

| Mga Makatotohanang Pangyayari | Mga Hindi Makatotohanang Pangyayari |
|-------------------------------|-------------------------------------|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

5. Pagpapalalim

Ang moro-moro ay nagmula sa isang sayaw na nilahukan ng mga tauhang gumaganap sa papel na Moro at Kristiyano. Nakarating sa Pilipinas ang sayaw na ito buhat sa Granada sa pamamagitan ng Mexico. Karaniwang ipinapalabas ang moro-moro sa liwasan, plasa, o patyo ng simbahan. Ipinapakilala ang mga tauhan sa pamamagitan ng isang parada na tinatawag na alabasyon. Eksaherado ang mga eksenang nagpapakita sa labanan ng Moro at Kristiyano na sinasaliwan ng tugtog na angkop sa digmaan. Makikilala ang Moro at Kristiyano sa pamamagitan ng kanilang mga suot. Kulay puting may guhit na pula at pulang pang-itaas ang damit ng mga Moro. Kulay asul naman ang pang-itaas ng mga Kristiyano.

Pagkatapos ng talakayan tungkol sa binasang moro-moro, magsusulat ng maikling sanaysay ang mga mag-aaral tungkol sa kung paano matatamo ang kapayapaan sa bansa. Pumili ng ilang mag-aaral na magbabahagi ng kanilang sinulat. Pagkatapos ng pagbabahagi, maaaring magbigay ng sarili nilang mga pananaw o argumento ang mga kklase tungkol sa napakinggan.

6. Kaalamang Panggramatika

Mga Pangungusap na walang paksa

May mga pangungusap sa wikang Filipino na maikli lamang at walang paksa ngunit may buong diwa. Ang mga pangungusap na ito ay:

- a. Penomenal – Tumutukoy sa mga kalagayan o pangyayaring pangkalikasan o kapaligiran

Halimbawa:

- Napakainit.
- May bagyo.
- Mahangin sa labas.

- b. Temporal – Tumutukoy ito sa mga kalagayan o panahong pansamantala o panandalian tulad ng araw, petsa, oras, panahon, o okasyon

Halimbawa:

- Kaarawan niya.
- Gabi na
- Tag-ulan na.

c. Eksistensyal – Tumutukoy ito sa pagkakaroon o wala

Halimbawa:

- Walang isda.
- Marami nang mag-aaral.
- May darating pa.

d. Modal – Nagsasaad ng gusto, nais, ibig, puwede, maaari, dapat, at kailangan.

Halimbawa:

- Gusto ko ng kulay pula.
- Kailangang malinis.
- Puwedeng pumila.

7. Pagpapalalim

Dalawahang Gawain (Dyad):

1. Pumili ng kapareha at gumawa ng isang dula-dulaan. Pumili ng isang magandang lugar bilang tagpuan ng dula-dulaan. Gumamit ng mga pangungusap na walang paksa sa pagbuo ng mga salitaan ng mga tauhan sa dula-dulaan.
2. Basahin sa klase ang sinulat na dula-dulaan. Gumamit ng iba't ibang tono ng boses at ekspresyon ng mukha upang palitawin ang iba't ibang mga damdaming inilalahad ng isinulat na dula.

C. Kongklusyon

Pagsusulat ng mga Islogan

Hahatiin sa limang grupo ang mga mag-aaral. Gagawa sila ng mga islogan tungkol sa kapayapaan. Gagamit sila ng mga pangungusap na walang paksa sa pagsusulat ng mga islogan. Isusulat nila ang mga islogan sa kartolina at ididikit nila ang mga islogan na ito sa dingding sa loob ng klasrum.

Ikalawang Markahan Baitang 8

Supplemental Lesson Plan 6

Panitikang Bisaya: Repleksiyon ng Kabisayaan

Aralin 6 – Mga Pangungusap na Walang Paksa

- Teksto:**
- Tuwaang (Epiko ng mga Bagobo)
 - Mga larawan ng mga *superhero*

A. Panimula

Magpakita ng mga larawan ng *superhero* at itanong sa mga mag-aaral kung ano-ano ang mga pangalan at kakayahan ng mga *superhero* na kanilang ipinakita.

B. Katawan

1. Pagbasa

Tuwaang

(Epiko ng mga Bagobo)

Narinig na ba ninyo ang kuwento tungkol kay Tuwaang, ang bayani naming mga Bagobo? Kung hindi pa, makinig kayo... makinig kayo... Hayun siya si Tuwaang, nakaupo sa gintong tanghalan. Bigla siyang sumigaw nang ubod-lakas.

“Bai!”

Sa lakas ng kanyang sigaw tila babagsak ang buong bahay. Ngunit ang gawing dulo ng kanyang sigaw ay tila nota ng plawta sa tamis at lambing. Iyan ay sapagkat si Tuwaang, ang bayani naming mga Bagobo, ay hindi karaniwang tao. Siya ay tila isang diyos. Marahang isinisingit ni Bai ang kanyang balikat sa pintuan. Magandang-maganda si Bai. Sa kanyang paglakad ay tumitigil siya sa bawat buko ng sahig. Tila siya kalapating dahan-dahan sa paglakad.

“Bakit mo ako tinawag, anu?”

Hinandugan ni Bai ng hitso ang kapatid. Sabay silang ngumanga.

“May balitang inihatid sa akin ang hangin,” ang sabi ni Tuwaang. “Isang dalaga na may lambong na dilim ang dumating sa Bayan ng Batooy. Humihingi siya ng tulong.”

Pamantayang Pangnilalaman:

Nakikilala ang epiko bilang anyong pampanitikan.

Pamantayang Pagganap:

Nagagamit ang kasanayan sa paggawa ng mga pangungusap na walang paksa sa paggawa ng islogan.

Mga Kasanayang Pampagkatuto:

1. Nasasabi ang kahulugan ng mga salitang ginamit sa akdang binasa.
2. Nasusuri ang epiko batay sa mga elemento nito.
3. Naiuugnay ang mahahalagang kaisipang nakapaloob sa akda sa mga pangyayari sa tunay na buhay sa kasalukuyan.
4. Nakagagawa ng karagdagang pananaliksik tungkol sa iba pang mga epiko.

Nagmadali si Tuwaang sa pagtungo sa dalagang may lambong na dilim. Hindi siya sumakay sa hangin.

“Kasi, daraan ka pa sa mga punongkahoy sa kabundukan, upang sila’y mamulaklak,” ani Tuwaang sa hangin. Sa halip, sa kidlat siya sumakay.

Simbilis ng kidlat ang pagdating niya sa Bayan ni Batooy. Naroon ang dalagang may lambong na dilim. Hinandugan ng dalaga si Tuwaang ng hitso.

“Eto ang hitso, anu.”

Sabay na ngumanga si Tuwaang at ang dalagang may lambong na dilim.

“Nagalit siya sapagkat hindi ko siya naibigan,” ang sabi ng dalagang taga-Langit ng Buhong.

Bigla-bigla, may narinig silang napakalakas na dagundong. Nakaramdam sila ng napakatinding init.

“Si Higante!” ang sigaw ng dalagang taga-Langit ng Buhong.

Sa isang kisapmata, naglabanan sina Tuwaang at Higante. Sa kanilang kabilisan, tila sila mga tutubing paroo’t parito sa mabilis na paglipad. Malalalim ang bitak sa lupa sa tama ng kanilang mga sibat at itak. Nawasak ang kanilang mga kalasag. Tatangnan na lamang ang natira at sabay nilang itinapon. Pagtama sa lupa, ang mga iyo’y nangaging punongkahoy. Nabali ang kanilang mga sibat. Sabay nilang itinapon. Pagtama sa lupa, ang mga sibat nila’y nangaging punongkahoy. Nabali ang puluhan ng kanilang mga balaraw kaya’t sabay nilang itinapon. Pagtama sa lupa, ang mga iyo’y nangaging punongkahoy. Naubos ang kanilang mga sandata. Naghagisan na lamang sila ng apoy. Kapuwa nagliyab ang kanilang mga damit at katawan.

Iniunat ni Tuwaang ang kanan niyang bisig. Ang apoy sa kanyang damit at katawan ay namatay.

“Hangin! Hangin!” ang tawag ni Tuwaang.

Umhip nang malakas ang hangin. Lumaki ang apoy sa damit at katawan ni Higante. Tumaas nang tumaas ang apoy hanggang sa umabot sa kanyang ulo na kapantay na ng mga ulap.

Lalong lumakas ang paghihip ng hangin. Nabalot na ng nagngangalit na apoy ang buong katawan ni Higante. Mayamaya pa ay natupok na nang lubos si Higante. Pinagmasdan ni Tuwaang si Higante hanggang sa ito’y naging abo. Muling humihip ang hangin at tinangay nito ang bunton ng abo, nakita na lamang ng lahat ang isang halamang namumulaklak.

Talaga naman, ang abo ni Higante ay naging isang magandang halamang namumulaklak.

Hindi nagtagal, si Tuwaang at ang dalagang taga-Langit ng Buhong ay umalis na sa Bayan ng Batooy. Sumakay sila sa kidlat, patungo sa bayan ni Tuwaang. Sinundo nila si Bai, ang kapatid ng bayani. Si Tuwaang, si Bai at ang dalagang taga-Langit ng Buhong ay sama-samang sumakay sa kidlat. Sila’y nagtungo sa Langit ng Katu-san, doon sa pook na walang kamatayan.

At diyang nagtatapos ang kuwento tungkol kay Tuwaang, ang bayani naming mga Bagobo.

Isinaayos ni G. E. Matute

Sanggunian: Belvez, Paz M., et al. 2014. *Kalinangan 8*. Manila: Rex Book Store, Inc.

2. Pag-unawa sa Binasa

Sagutin ang sumusunod na tanong gamit ang buong pangungusap:

1. Sino si Tuwaang?
2. Ano ang pangalan ng kanyang kapatid?
3. Paano nalaman ni Tuwaang na may humihingi ng tulong sa kanya?
4. Paano siya pumunta sa Batooy?
5. Paano mo ilalarawan ang labanang naganap sa pagitan nina Tuwaang at ang higante?
6. Ano ang mga katangian ni Tuwaang?

3. Pagpapayaman ng Talasalitaan

Ipalista sa mga mag-aaral ang mga salitang nagustuhan o bago sa pandinig ng mga mag-aaral mula sa binasang akda. Susubukan nila itong bigyan ng kahulugan. Magpapalitan sila ng kuwaderno para sa pagwawasto.

4. Pagpapalawak

Gamit ang tsart sa ibaba, isulat ang mga makatotohanan at hindi makatotohanang pangyayari sa binasang Tuwaang:

| Mga Makatotohanang Pangyayari | Mga Hindi Makatotohanang Pangyayari |
|-------------------------------|-------------------------------------|
| 1. | 1. |
| 2. | 2. |
| 3. | 3. |
| 4. | 4. |
| 5. | 5. |

5. Pagpapalalim

Ang epiko ay isang uri ng tulang pasalaysay na tumatalakay sa kabayanihan ng mga pangunahing tauhan. Ang mga tauhang ito ay may kakaibang lakas at kapangyarihan na kakaiba sa karaniwang tao kaya halos hindi mapaniwalaan dahil sa mga nagagawa nilang kababalaghan. Ang epiko ay karaniwang inaawit.

Kinakatawan ng isang pangkat-etniko ang isang epiko at ang inilalarawan nito ay ang bayani ng isang pook o grupo. Sinasalamang ng epiko ang buhay ng mga Pilipino at ang uri ng pamumuhay at kultura ng isang pook.

Mahalagang tanong: Bakit kailangang pag-aralan ang mga epiko? Ano ang ating matututuhan sa mga ito?

6. Kaalamang Panggramatika

Mga Pangungusap na Walang Paksa

May mga pangungusap sa wikang Filipino na maikli lamang at walang paksa ngunit may buong diwa. Ang mga pangungusap na ito ay:

- a. Kapandiwa – Nagsasaad ito ng katatapos na kilos o pangyayari at kadalasang nagtatapos sa lang/lamang.

Halimbawa:

- Katatapos lang ng tanghalian.
- Kapapanalo lang niya.

- b. Pambating panlipunan – Nagsasaad ng magagalang na pananalita o ekspresyon na mahalaga sa pakikipagkapwa-tao.

Halimbawa:

- Maraming salamat po.
- Mabuti naman.
- Tao po.

- c. Panawag – Maaari itong iisang salita lamang o pantawag.

Halimbawa:

- Inay!
- Ale!
- Halika!

- d. Pandamdin – Nagpapahayag ng matinding damdamin.

Halimbawa:

- Ano ba!
- Alis na!
- Ang ganda!

7. Pagpapalalim

- a. Sumulat ng maikling sanaysay na nagsasaad ng sariling kaisipan o opinyon tungkol sa binasang epiko.

- b. Talakayin din sa susulating talata ang kahalagahan ng pag-alam sa mga panitikang naglalarawan sa kultura ng ating bansa.
- c. Tiyaking may kaisahan at kaayusan ang mga pangungusap na gagamitin sa pagsulat ng sanaysay.

C. Kongklusyon

- 1. Manaliksik sa silid-aklatan tungkol sa iba't ibang mga epiko sa Pilipinas. Ilista ang pamagat ng epiko at kung anong etnikong grupo ang pinanggalingan nito.
- 2. Ipasagot sa mga mag-aaral: Bakit kailangang pag-aralan ang mga epiko? Ano ang ating matututuhan sa mga ito?